

# ANO ANG DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA MGA GAMOT SA COVID-19

Makukuha na ngayon ang mga gamot upang mapigilan at magamot ang COVID-19. Kasama ang mga bakuna, pampalakas na bakuna, pagsusuri, at pagmamaskara, ang mga gamot na ito ay isa pang paraan na mapapanatili nating ligtas ang ating mga sarili at ang ating komunidad mula sa COVID-19.



## RESETA LAMANG

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung gusto mo ng mas marami pang impormasyon o iniisip na ang mga gamot na ito ay tama para sa iyo. Ibahagi ang anumang mga pagkabahala sa kalusugan at kasalukuyang gamot na iniinom. Sasabihin sa iyo ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay kwalipikado at ipaliliwanag ang iyong mga pagpipilian.

Kung wala kang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, tawagan ang Sentro ng Tawag ng Pampublikong Kalusugan sa **1-833-540-0473**.

## ANO ANG MGA GASTOS?

**Libre ang mga gamot**, ngunit maaaring may mga singilin mula sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

- Kung mayroon kang **pribadong seguro (insurance)**, tingnan ang iyong plano upang makita kung sakop nito ang lahat ng gastos.
- Kung **WALA kang pribadong seguro**, tanungin ang parmasya, hospital, o opisina ng doktor tungkol sa iba pang mga singilin.
- Tawagan ang Sentro ng Pampublikong Kalusugan sa **1-833-540-0473** para sa pangangalaga na libre.

Ang Medicare at Medicaid ay sakop ang lahat ng gastos.




Ang mga gamot na ito ay **HINDI kapalit ng bakuna para sa COVID-19** at **HINDI pinapalitan ang mga gabay sa Pagbubukod at Pagkukulong (Quarantine)**. Kung ikaw ay kwalipikado para sa bakuna sa COVID-19, dapat kang mabakunahan agad sa lalong madaling panahon.

# GAMOT PARA MAPIGILAN ANG COVID-19

Kung hindi mo makukuha ang bakuna sa COVID-19 dahil sa mga medikal na kadahilanan, maaaring magreseta ng gamot ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang mas mabuti kang maprotektahan mula sa malubhang COVID-19.

Ang pagpigil na gamot ay makukuha para sa mga edad 12+ na hindi makakuha ng bakuna sa COVID-19 dahil sa mga medikal na kadahilanan o hindi tumutugon nang mabuti sa bakuna dahil mayroon silang mahinang sistema ng imyunidad dahil sa isang medikal na kondisyon o paggamot.



## ANO ANG GAGAWIN:

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung sa tingin mo ay tama para sa iyo ang mga gamot na ito. Ibahagi ang anumang mga pagkabahala sa kalusugan at kasalukuyang gamot na iniinom.




# GAMOT PARA GAMUTIN ANG COVID-19

Kung nasuri kang positibo sa COVID-19 at nasa mataas na panganib na makakuha ng malubhang sakit, may mga gamot sa paggamot na makukuha. Ang ilan sa mga mataas na medikal na kondisyon ay kinabibilangan ng:

- Mayroon/nagkaroon ng kanser
- May dyabetis
- Mayroon/nagkaroon ng kondisyon sa puso
- Mayroong malalang sakit sa bato, atay, o baga
- Nagdadalang tao
- Sobra sa timbang o mataba

Ang mga gamot na iniinom o iniiniksyon ay makukuha para sa mga edad 12+ at maaaring mapigilan na ikaw ay mahospital kung iinumun agad ito sa along madaling panahon pagkatapos na magsimula ang mga sintomas:

- Ubo
- Lagnat o pagkaginaw
- Hirap sa paghinga
- pagkapagod
- Sakit ng ulo



## ANO ANG GAGAWIN:

Tawagan agad ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at magtanong tungkol sa mga gamot na paggamot kung nasuri kang positibo sa COVID-19 at may mga sintomas.

**O Gamitin ang programa ng Pagsusuri para Magamot** para masuri sa mismong lugar. Kung nasuri kang positibo, maaari kang makakuha ng gamot sa parehong pagbisita.

Dagdag pa dito, maaari kang kumonekta sa mga serbisyo ng Telehealth ng Pampublikong Kalusugan sa **1-833-540-0473** para sa pagtatasa [evaluation] at paggamot. Kung mayroon ka ng positibong pagsusuri, maaari kang makakuha ng gamot na direktang ipadadala sa iyo o sa isang lokal na lugar ng **Pagsusuri para Magamot** para iyong kunin.

